

Ating pag-aralan ang "Multilingual DLA" Workshop
Pangkalahatang talakayan ①

Ano ang Multilingual Assessment?

Unibersidad ng Osaka Sakurai Chiho

Tagapagsalin ng wika : Maria Kawasaki

Disyembre 12, 2022; Sabado

Multilingual DLA Workshop

Sponsor : MHB Academic Society Domestic CLD Children Education Committee •
Tokyo Foreign Language University Multilingual Multicultural Sa kooperasyon
ng : Osaka University Foreign Roots Children Study Group


JSPS(B)21H00538 Tumanggap ng subsidiya mula sa [tinatag na balangkas ng sanggunian tungo sa pangkalahatang layunin ng kakayahan sa wika para sa edukasyon ng mga multilingual at multicultural na mga bata]

Panimula

- Pag-iisipan ang layunin ng edukasyon ng mga batang CLD (Culturally and Linguistically Diverse).
- Pag-iisipan kung bakit kinakailangan ang multilingual assessment.
- Ipaliwanag ang pangkalahatang ideya ng DLA.

Pag-aaral ng wika at pagpapaunlad ng kaisipan ng batang CLD

Maraming bagay ang makaaapekto rito



Ang layunin ng edukasyon ng batang CLD

- Upang mapaunlad ang [wika] at [kaisipan] ng bata.
 - Ang makapagbigay suporta sa bata upang magamit ang wika sa pag-iisip, interaksyon sa ibang tao, mapalalim ang pang-unawa, magkaroon ng tiwala sa sarili sa kanyang pamumuhay.
 - ~~Hindi ituturo ang wikang mawawalan ng silbi para sa bata (label) dahil hindi niya ito nauunawaan.~~
 - **Makapagbigay suporta upang mapasakanya ang [buhay na salita].**
- ➔ Kahit na anong salita ay magagamit sa proseso ng paglaki ng bata. Gumamit ng salita na magagamit ng bata upang magamit ang kakayahang mag-isip! Mula rito ay magagawa niyang matuto ng panibagong wika.

Ang pressure mula sa Monolingual Educational Curriculum

Ang paaralan sa Japan ay nakakaunawa ng Japanese mahusay ang educational curriculum para sa mga batang nakakaunawa nito. (Mahusay!)

...Subalit para sa mga batang CLD...

- Ang "wikang ginagamit sa loob ng pamilya (na dapat niyang nauunawaan, heritage language na nag-uugnay sa pamilya ay **hindi binibigyang pansin**.
- Dahil dito, ang katutubong wika heritage language ay **tuluyang nakakalimutan**.
- **Hindi umuunlad ang Nihongo** ng bata dahil hindi siya **makatanggap ng nauunawaan kaya niyang aralin**.



➔ Dahil na rin sa mahabang panahon, hindi nila matutunan ang wikang kinakailangan para sa kanilang pag-iisip (japanese man o wikang ginagamit sa loob ng pamilya).....

Bakit kailangan ang multilingual assessment?

- Upang makalikha ng lugar kung saan magagamit ng batang CLD ang wikang alam niya.
= **Ang mataglawan ng liwanag ang wika niyang alam.**



Nangunguna rito, ang mapagyaman ang malaking potensiyal na taglay ng bata



Mapaunlad ang kakayahang iyon.




DLA (Dialogic Language Assessment)

Board of Education (2014)

Dialogic Language Assessment

https://www.mext.go.jp/a_menu/shotou/clarinet/003/1345413.htm



Ang wika ng bata ay pauunlarin sa **Makinig**→**Makipag-usap**→**Magbasa**→**Magsulat** na pagkakasunod-sunod.

Ito ay pagtiyak maging ng kakayahang magbasa at magsulat sa pamamagitan ng pakikipag-usap habang nagbibigay ng suporta.

Ang theoretical background ng DLA (1)

- Linguistic Interdependence Principle, Cummins, 1984)
- 3 aspeto ng kakayahan ng wika ng batang CLD, Cummins, 2001)
 - Mahusay na pakikipag-usap (Conversational Fluency)
 - Indibiduwal na kakayahan sa wika (Discrete Language Skills)
 - **Kahusayan sa wikang gamit sa bawat asignatura (Academic Language Proficiency)**


Natutunan ang wika sa pang-araw-araw na buhay at pakikipag-usap sa loob ng 1~2 taon, ang salitang ginagamit sa mga asignatura ay aabutin ng 5~7 taon bago matutunan.

May impluwensiya sa maraming wika ng batang CLD

Mula sa maraming wika, ang DLA ay paraan ng pagtiyak sa isang bahagi ng kakayahan sa wika sa pang-araw-araw na pamumuhay o wikang ginagamit sa mga asignatura.

Ang theoretical background ng DLA (2)

Dynamic Assessment
Zone of proximal development
(Vygotsky, 1934)



Ang layunin ng DLA: Ebaluwasyon at Pag-aaral

Sa pamamagitan ng pakikipag-usap,

➤ Makikita + Masusukat ang **pinakamataas na kakayahan** ng batang CLD

⇒ Ang proseso na gagawing paksa, ang makita kung ano ang prosesong gagamit ng salita!

➤ 「Tanggapin」 + 「paunlarin」 ang kakayahan ng batang CLD

⇒ Mabigyan ng motibasyon sa pag-aaral



Ang kasaysayan ng pagsulong ng DLA

• Canada Japanese Language Education Promotion Association (2000) 「Bilingual Conversational Test OBC」 (Oral Proficiency Assessment for Bilingual Children, 1980~)

➔ Basehan ng DLA <Makipag-usap>

• TOAM (Test of Acquisition and Maintenance) (Okazaki, 2002) oral Test

➔ Basehan ng <Unang Hakbang> Vocabulary check


• 「Pagsusuri ng kakayahan ng interaktibong pagbabasa」 (Dialogic Reading Assessment, Nakajima・Sakurai 2012)

➔ Basehan ng DLA <Magbasa>

Mula sa format na ito nagmula ang <Pagsulat> <Pakikinig>

Komposisyon ng DLA

JSL Evaluation Reference Frame
<Pangkalahatan> at <Kakayahan>
Pumili ng 1 mula sa 「6 na bahagdan」 batay sa obserbasyon sa kakayahan ng bata sa partisipasyon sa klase at lebel ng suportang dapat ibigay.



Ito ay ang Japanese Language Reference Frame. Sa kasalukuyan, ginagawa ang multilingual language evaluation reference frame.

Hindi kinakailangan isagawa lahat. Iaayon ito sa development ng bata.

Ang Pagsasagawa ng DLA

- Pagtuunan ng pansin ang daloy ng proseso katulad ng maayos na daloy o tempo at masayang ambience.
- Hindi mamarkahan habang nag-uusap. (Iwasang maiparamdam sa bata na ito ay test o pagsusuri.)
- Purihin ang bata bago tapusin ang pagsusuri.
(Huwag itanggi, huwag itama, huwag ituro ang sagot))
- Huwag masyadong patagalin.

Ating panoorin ang video na ito!




Halimbawa 1 : 6 na buwan magbuhat nang dumating, Grade IV (elementarya), batang CLD sa wikang Japanese

Paliwanag ng environmental pollution sa wikang Japanese

Mula sa datos ng JSPS (C) 17K02875

これに一。んー、朝のは、白いの、ゲンカがあるしー。で、夜に一、誰でもいないから、黒いの、あるしー。ゲンカがないから、落ちてる....で、こ、こっちも。で、まだこの一、この一、やつに、こうするから、いっぱいになったから、木が全部なくなっちゃってるから、りきゅうが、(笑)。風邪になる。



Interpretasyon: Ito ay-- ,hmm--, sa umaga, iyong puti, may genka-- . tapos, sa gabi-- , walang kahit na sino, may maitim-- . Wala kasing genka, nahuhulog tuloy... tapos, i.. ito rin. tapos, itong-- , ito-- ganito kasi ang gagawin, marami na kasi, nauubos na lahat ng puno, ang rikyuu (mundo?), (tumawa). Magkakasipon.
.....



Halimbawa 1 : 5 buwan mula nang dumating, Grade IV (elementarya), batang CLD ng wikang Chinese.

Paliwanag ng environmental pollution sa wikang Intsik Datos mula sa JSPS (C) 17K02875

哦,就是说,地球被污染了。因为,因为,,,我知道这个为什么冒着黑烟。因为它是晚上嘛。就是说,早上的时候,中国的大烟囱,就是说冒得是白烟,净化过的。晚上,等人们睡着了的时候,他就使坏,它就冒黑烟。不净化的,直接就冒出来。然后,这个是,汽车尾气,对地球造成了很严重的伤害。然后,砍树。如果龙卷风来的时候,人们就反抗不了了。

Interpretasyon: A! sa madaling salita, ang mundo ay marumi dahil sa polusyon. Kaya naman, kaya naman... Batid ko kung kung bakit may maitim na usok na lumalabas. Gabi kasi ito. Ang ibig sabihin, sa umaga, lalabas ang puting usok mula sa malaking chimney ng China, lalabas rito ang nalinis nang usok. Sa gabi na tulog na ang mga tao dahil sa kasamaan nilang ginawa ay pinalalabas ang maruming usok. Gayundin naman, ito ay carbon dioxide mula sa mga sasakyan. Ito ay nagdudulot ng malaking pinsala sa mundo. Pati na rin ang pagputol ng mga puno. Kapag may dumating na ipo-ipo, hindi makakalaban man lang ang mga tao.



Halimbawa 2 : Ipinanganak sa Japan, Grade II (elementarya), Japanese-English bilingual na batang CLD sa wikang Japanese

Paqkukuwento sa wikang Japanese

Mula sa datos ng JSPS (C) 20K00731

ブタが自分の家作って一、弱い家とちょっとだけかたい家と一、めっちゃくちゃかたい家が作って一、で、オオカミ来て一、でな一、ブタの家が壊して一、でな一、ブタがな、な一、ちょっとだけかたい家、行って一、オオカミをふ一ってやってな一、弱かって一、でもな一、でも、でな一、ぶたがな一、めっちゃくちゃかたい家行って一、で、オオカミ、疲れて一、でな一、考えて、家行って一、下おちて一、でな一、ブタが、下のやつを火に、熱いスープに、オオカミのしっぽに熱くやって、オオカミもと飛んだ。

Interpretasyon: Ang baboy ay gumawa ng bahay-- , mahinang klase ng bahay at isang matigas na bahay-- . gumawa ng sobrang tigas na bahay-- , dumating ngayon ang lobo-- , tapos-- , sinira ang bahay ng mga baboy-- , tapos-- .ang baboy, ay-- , yung medyo matigas na bahay, pumunta-- , fuu-- hinipan ang lobo-- , mahina-- , pero-- , pero, tapos-- , ang baboy-- , nagpunta sa napakatigas na bahay, tapos, ang lobo, napagod-- , tapos-- , nag-isip, pumunta ng bahay-- , nahulog sa ibaba-- , tapos-- , ang baboy, inilagay ang ibaba sa apoy, sa mainit na sabaw, pinainit ang buntot ng lobo, tumalon pa nang husto ang lobo.



Halimbawa 2: Ipinanganak sa Japan, Grade II (elementarya),
Japanese-English bilingual na batang CLD sa wikang Ingles

Story telling sa Ingles

Mula sa datos ng JSPS(C)20K00731

...XXX dog up here. And dad says don't come here. Stay here....Floppy is very dirty?...Hee need to take your bath!...Floppy is doing mess. Floppy eats Papa's clothes....Brother, Okay but XXX brother Floppy come his father home....Floppy eats XXXX and dad is angry....And dad is very angry, dog is noisy, and he can't sleep.

Interpretasyon: ...XXX ang aso (pumanhik ka sa hagdan) nandito ako...at, sinabi ng tatay na huwag pumunta kung saan siya naroon... dito ka lang (sa ibabang palapag)... nagdudumi si Floppy... maligo ka na!...Dinudumihan ni Floppy... Kinain ni Floppy ang damit ng ama...Si kuya, OK, XXX si kuya, Floppy, umuwi ka na papa... si Floppy ay XXXX kapag kinain, nagalit si papa... tapos nagalit nang husto ang ama., maingay ang aso, hindi siya makatulog.



Buod

- Kung titingnan ang batang CLD sa iisang wika lamang, ilang bahagi lamang ng kanyang kakayahan ang makikita!
- Sa isip ng batang CLD, ano ang iniisip, ano ang nararamdaman, upang magamit ang lahat ng taglay niyang wika, kinakailangan suriin ano ba ang kanyang kakayahan.
- Kailangang pagtutuunan ng pansin, ang kakayahang itinuring na [sa umpisa pa lang ay wala na ito], tanglawan ng liwanag at palaguin ang kakayahang iyon.

Buod

Ang mga batang nasa harap natin ay
itinuturing ba nating
hindi marunong mag-Japanese?
o kaya naman ay batang
may posibilidad na
multilingual at multicultural?

Buod

Huwag nating agawan ang bata
ng potensiyal
at responsibilidad sa
paglikha ng lipunan.
Ang event na ito ang unang
hakbang para sa layuning ito.

